Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa


# PATNUBAY SA MISA

21 Nobyembre 2004 | Dakilang Kapistahan ng Pagkahari ng Panginoong Hesukristo | Taon K

## SI HESUS, HARI NG MAHABAGING PAGMAMAHAL

*Ngayon ang huling Linggo ng taong liturhiko. Marapat lang na sa araw na ito, ipahayag natin si* ***Hesukristo*** *di lamang bilang personal nating* ***Panginoon at Hari****, kundi* ***"Hari ng Sanlibutan"*** *din. Siya'y Haring isinilang pagkat siya ang Anak ng Diyos Ama na pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan ng mga hari. Siya rin ay Hari sa pagwawagi, pagkat nakapangyari siya sa kasalanan at kamatayan sa pamamagitan ng kanyang muling pagkabuhay. Sa pagpapahayag ng ating mga tinig at pamumuhay, marapat din siyang itampok na tunay nating Tagapagligtas at Hari.*

*Ngayon, inaanyayahan din tayong manalangin para sa* ***ikapapawi ng lahat ng anyo ng karahasan laban sa kababaihan.*** *Bilang mga alagad ng Hari ng katarungan, makiisa tayo sa ating mga kapatid na babae sa buong mundo para sa hinahangad na paggalang, pagpaparangal, at pagmamahal na ukol sa kanila bilang mga kabilang sa Kaharian ni Kristo.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang Korderong inialay ay marapat paghandugan ng kadakilaa't dangal, pagkilala't pagpupugay. Siya'y Haring walang hanggan.**

### Pagbati

***P*** –Pagmamahal, luwalhati, at papuri kay Hesukristong Hari ng Sanlibutan! Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

***B*** **–At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** –Habang naghahanda para sa pag-aalay ng Eukaristiyang ito sa karangalan ni Kristong ating Hari, manahimik tayo sandali upang alamin kung gaano tayo naging tapat sa kanya. *(Tumigil sandali.)*

***P*** –Para sa mga pagkakataong sa salita lamang namin ipinahayag ang aming pagmamahal sa iyo, Panginoon, maawa ka!

***B*** **–Panginoon, maawa ka!**

***P*** –Para sa mga pagkakataong tinalikdan ka namin habang ang sinunod nami'y mga sariling kagustuhan, Kristo, maawa ka!

***B*** **–Kristo, maawa ka!**

***P*** –Para sa mga pagkakataong nagkulang kami sa pagmamahal, paggalang, at pagtulong sa iyo sa aming kapwa, Panginoon, maawa ka!

***B*** **–Panginoon, maawa ka!**

***P*** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** **–Amen!**

### Papuri

***B*** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,

tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, sa iyong Anak na pinakamamahal at Hari ng sanlibutan, niloob mong pag-isahin ang tanan. Idulot mong ang tanang kinapal na pinalaya sa kaalipinan ay makapaglingkod sa iyong kadakilaan at makapagpuri sa iyo nang walang humpay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **–Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *2 Sam 5:1-3*

*Ibinabadya ng pagpapahayag kay David bilang "Hari ng Israel" ang pagluluklok kay Hesukristo, na buhat sa angkan ni David, bilang "Hari ng Sanlibutan."*

***L*** **–**Pagpapahayag mula sa Ikalawang Aklat ni Propeta Samuel

**Noong mga araw na iyon, nagkaisa ang lahat ng angkan ng Israel na pumunta sa Hebron upang makipagkita kay David. Sinabi nila, "Kami'y laman ng iyong laman at dugo ng iyong dugo. Nang si Saul ang hari namin, nanguna ka sa mga kawal ng Israel sa pakikipagdigma. Ipinangako sa iyo ng Panginoon na gagawin ka niyang hari upang mamuno sa kanyang bayan."**

**Lahat ng matatanda ng Israel ay nagpunta nga sa Hebron at doo'y nakipagkasundo sa kanya sa harapan ng Panginoon. Binuhusan nila ng langis si David at kinilalang hari sa Israel.**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** **–Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 121*

***B*** **–*Masaya tayong papasok sa tahanan ng Poong D'yos!***

***R. M. Velez***







*** Ako ay nagalak, sa sabing ganito: "Sa bahay ng Poon ay pumasok tayo!" Sama-sama kami matapos sapitin, ang pintuang-lunsod nitong Jerusalem. *B.***

*** Dito umaahon ang lahat ng angkan, lipi ni Israel upang magsambahan, ang hangad, ang Poon ay pasalamatan, pagkat ito'y utos na dapat gampanan. Doon din naroon ang mga hukuman at trono ng haring hahatol sa tanan. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Co 1:12-20*

*Sa kanyang liham sa mga taga-Colosas, itinampok ni San Pablo para sa lahat ng henerasyong Kristiyano ang ganap na pananaig at kahigtan ng Anak ng Diyos, na Hari ng Sanlibutan.*

***L*** **–** Pagpapahayag mula sa Sulat ni San Pablo sa mga taga-Colosas

**Mga kapatid: Magpasalamat kayo sa Ama, sapagkat minarapat niyang ibilang kayo sa mga hinirang na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan. Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak. Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya at pinatawad sa ating mga kasalanan.**

**Si Kristo ay larawan ng Diyos na di-nakikita, at siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga naghahari at namamahala, mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay. Siya ang ulo ng simbahan na kanyang katawan. Siya ang Una, ang Panganay na Anak – ang unang nabuhay na muli upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay. Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan ay manatili rin sa Anak, at inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak. Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus, nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha sa langit at sa lupa.**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** **–Salamat sa Diyos!**

**Aleluya**

***B*** **–Aleluya! Aleluya! Pagpalain dumarating sa ngalan ng Poon natin, paghahari'y kanyang angkin. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 23:35-43*

*Sa pagdurusa niya sa krus, pinatunayan ni Hesus na siya nga ang "Hari ng Langit at Lupa." Ipinakita niya ang kanyang kapangyarihang panghari nang buksan niya ang kalangitan sa sangkatauhang sinagisag ng nagsising magnanakaw.*

***P*** **–** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B*** **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, nilibak si Hesus ng mga pinuno ng bayan. Anila, "Iniligtas niya ang iba; iligtas naman niya ngayon ang kanyang sarili, kung siya nga ang Mesiyas, ang hinirang ng Diyos!" Nilibak din siya ng mga kawal, nilapitan at inalok ng maasim na alak. Sinabi nila, "Kung ikaw ang hari ng mga Judio, iligtas mo ang iyong sarili." At nakasulat sa ulunan niya sa wikang Griego, Latin at Hebreo, "Ito ang Hari ng mga Judio." Tinuya siya ng isa sa mga salaring nakabitin, at ang sabi, "Hindi ba ikaw ang Mesiyas? Iligtas mo ang iyong sarili, pati na kami!"**

**Ngunit pinagsabihan siya ng kanyang kasama, "Hindi ka ba natatakot sa Diyos? Ikaw ma'y pinarurusahang tulad niya! Matuwid lamang na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginawang masama."**

**At sinabi niya, "Hesus, alalahanin mo ako kapag naghahari ka na." Sumagot si Hesus, "Sinasabi ko sa iyo: ngayon di'y isasama kita sa Paraiso."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*** **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawan-tao siya lalang ng Espiritu

Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P*** **–**Natitipon bilang mag-anak ng Diyos ngayong Kadakilaan ni Kristong ating Hari at Hari ng sanlibutan, tayo'y maghain ng ating mga kahilingan sa Panginoon para sa mga pangangailangan ng sangkatauhan at ng ating sari-sarili. Tugon natin ay:

***B*** **–Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa Simbahan, and Katawan ni Kristo: Nawa siya'y maging tunay na kasangkapan ng makaharing paglilingkod ni Kristo sa lahat ng tao sa pagtataguyod ng kapayapaan, pakikipagtulungan, at katarungan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating mga obispo, at kaparian: Nawa manatili silang tapat sa kanilang pangakong maglingkod nang buong kababaang-loob at katapatan ni Kristo sa mahihirap at mahihina. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga nagsisikap upang maging buhay na katunayan ang pagiging hari ni Kristo: Magtagumpay nawa sila sa kanilang pagsisikap na maghatid ng pagmamahal ni Hesus sa lahat ng kultura't tahanan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa kababaihan sa buong mundo: Magkaroon nawa sila ng tapang para paglabanan ang lahat ng anyo ng karahasan sa kanilang pagkababae at mapagbago nila ang lipunang nagpapairal sa mga gayong kasamaan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng babaeng naging biktima ng ano mang anyo ng karahasan: Makatagpo nawa sila sa kanilang pananampalataya at pamayanan ng kailangan nilang tulong at kalinga. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng kasapi sa ating pamayanan: Nawa magkatulungtulong tayo para sa pagpawi ng lahat ng anyo ng karahasan sa kababaihan sa pamilya, sa pinapasukan, at ating mga institusyon. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*
Manalangin tayo! ***B.***

***P*** **–**Panginoon, ibinigay Mo sa amin si Hesus para maging aming Hari ng habag at pagmamahal. Pagindapatin Mo kami sa gayong kadakilang Hari at gawin Mo kaming mga sugo ng kanyang pagmamahal sa lahat. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus, na Iyong Anak na nabubuhay at naghahari magpakailanman.
***B*** **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P***– Manalangin kayo . . .
***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–**Ama naming Lumikha, sa paghahain namin ng mga alay sa ikapagkakasundo ng sangkatauhan iniluluhog naming ang iyong Anak, nawa'y magbigay ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen!**

## Prepasyo

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Hinirang mong tagapaghain ng tanan ang iyong Anak na Panginoon ng sanlibutan. Pinadaloy mo sa kanya ang langis ng kasiyahan tanda ng paghirang mong pangmagpakailanman. Sa paghahaing ginampanan niya sa krus, siya ang dalisay na tagapagbuklod, siya ang gumanap sa aming pagkatubos, siya ang sumakop sa sansinukob. Ang kanyang paghahari lagi sa lahat ay siyang lubusang naglalahad ng iyong kadakilaang matapat upang buhay mo'y sa lahat maigawad. Sa paghahari niya, lahat ay hinahatian sa iyong kagandahang-loob at kabanalan, sa iyong dangal at kapayapaaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*** **–Santo, santo, santo . . .**

## Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P***– Hinihiling namin . . .
***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

## Paanyaya sa Kapayapaan

## Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos . . .**

## Paanyaya sa Pakikinabang

***P***– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** **–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

## Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Maghahari kailanman ang Panginoon sa tanan. Pagpapala'y ibibigay ng Poon sa kanyang bayan upang tana'y matiwasay.**

### Paghahandog ng Sangkatauhan sa Puso ni Hesus

**Katamis-tamisang Puso ni Hesus, Mananakop ng sangkatauhan, masdan mo kaming nagpapatirapa nang**

**buong kapakumbabaan, sa harap ng iyong dambana; kami ay iyo at kailan ma'y ibig naming maging iyo. At upang mabuhay kami sa lalong mahigpit na pagka-kasanib sa iyo, kaming lahat at bawat isa sa amin ay naghahandog ng aming sarili ngayon sa Kamahal-mahalan mong Puso.**

**Marami, sa kasawiang palad, ang hindi nakakakilala sa iyo; marami, sa pagpapawalang halaga sa iyong mga utos, ang nagtatakwil sa iyong mga utos, ang nagtatakwil sa iyo. O Hesus, kaawaan mo sa iyong kamahal-mahalang Puso.**

**O Panginoon, maghari ka, hindi lamang sa mga tapat na anak na kailan ma'y hindi humihiwalay sa iyo, kundi rin sa mga alibughang lumayo sa iyo. Sila'y pabalikin mong madali sa tahanan ng Ama upang hindi mamatay sa gutom at karalitaan. Maghari ka sa mga taong humiwalay sa iyo dahil sa hibo ng kamalian o diwa ng paghihidwaan. Ibalik mo sila sa daungan ng katotohanan at sa pagkakaisa ng pananampalataya, upang sa madaling panahon ay mapisan sila sa iisang pananalig at sa pamamahala ng iisang pastor.**

**Maghari ka sa mga nananatili pa hanggang ngayon sa kadiliman ng pagsamba sa hindi tunay na Diyos. Marapatin mong akitin silang lahat sa iyong liwanag at kaharian. Sa wakas, pagkalooban mo, O Panginoon, ng katatagan at matibay na kalayaan ng iyong Iglesya, igawad ang katahimikan at kaayusan sa lahat ng mga bansa, at bayaang ang magkabilang panig ng daigdig ay umalingawngaw sa iisang tinig: Purihin ang Kamahal-mahalang Puso ni Hesus na bukal ng aming kaligtasan, at sa kanya'y ang awit ng karangalan at kaluwalhatian sa lahat ng panahon! Siya nawa.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** –Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing nagbibigay-buhay ay nagsusumamong kaisa niyang makapamuhay sa kaharian sa langit magpakailanman pakundangan sa karangalang sundin ang mga kautusan ng Haring si Kristo sa sanlibutan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

### PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P*** –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)* Iligtas nawa kayo ni Kristong Hari ng Sanlibutan sa lahat ng panganib at ipalasap sa inyo ang kanyang mapagligtas na pagmamahal.
***B* –Amen!**

***P*** –Tibayan niya nawa ang inyong pananampalataya upang kayo'y maging matatapang na sugo ng kanyang Kaharian.
***B* –Amen!**

***P*** –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P*** –Humayo na kayo sa kapayapaan ni Kristong ating Hari.
***B* –Salamat sa Diyos!**

## PANALANGIN PARA SA TAON NG EUKARISTIYA AT NG MAHAL NA BIRHEN

*(Darasalin sa lahat ng mga Misa bago ang "Panalangin Pagkapakinabang" hanggang Disyembre 8, 2005.)*

**Panginoong Jesukristo, • ang taon ng biyayang ito ay kaloob mo sa amin. • Itinatalaga namin ang taong ito para sa Eukaristiya • at sa Mahal na Birhen, aming Ina.**

**• Higit naming kinakailangang maranasan bilang isang bayan • ang nakapagbabagong kapangyarihan ng Eukaristiya • at ang mapagmahal na pagkalinga ng Mahal na Birhen, aming Ina. • Sapagkat kami'y isang bayang batbat ng sugat – • sugat dulot ng hidwaan ng pulitika at tunggalian ng iba't-ibang tribo, • sugat dulot ng hidwaan ng di makatarungang lipunan at ekonomiya, • sugat dulot ng katiwalian at pagkasira ng moralidad.**

**Panginoong Jesukristo, • sa tuwing aming ipinagdiriwang ang Eukaristiya • ay aming ginugunita ang dakilang pag-ibig mo sa amin. • Sa Eukaristiya nawa ay maging isang bayan kami na sama-samang kumikilos • upang sa bawat tahanan, barangay, at pamayanan, • ang lahat ay makapamuhay sa kapayapaan, pagkakaisa at pagbabago. • Tulungan nawa kami ng pananalangin ni Maria, aming Ina, • sa paglalakbay namin sa taon ng biyayang ito, • tungo sa isang pambansang paghihilom at pagpapatawad.**

**Panginoong Jesukristo, • naniniwala kami sa nakapagpapabagong kapangyarihan ng Eukaristiya • at nagtitiwala kami sa pagkakandiling puno ng pag-ibig ni Maria, aming Ina. • Sa inyong kagandahang-loob ay ipagkaloob po ninyo ito sa amin • na buong pananampalataya, pag-asa at pag-ibig naming hinihiling sa inyo. • Amen!**

**Birhen ng Guadalupe, ipanalangin mo kami!**
**San Lorenzo Ruiz, ipanalangin mo kami!**
**Na sa lahat, ang Diyos ay dakilain!**

**WORD & LIFE PUBLICATIONS**

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., 1258 Makati, MM, Phils.**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 894-5401 (Marketing/Accounting); 894-5402 (Editorial) ***Telefax:*** 894-5241
***E-mail:*** wordlife@mozcom.com • ***Website:*** www.wordandlife.faithweb.com
***Editorial Team:*** H. Lasquite, G. Ramos, A. Sampang, B. Cleofe, D. Daguio, V. David
***Translator:*** Cecilia G. Valmonte, EdD • ***Circulation Team:*** M. Caquilala, F. Lavado